# {Nagdasal ako kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka siya ay bumabati sa dakong kanan niya ng: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāhi wa-barakātuh (Ang kapayapaan ay sumainyo, ang awa Niya, at ang mga pagpapala Niya)" at sa dakong kaliwa niya ng: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāh (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa Niya)."}

Ayon kay Wā'il bin Ḥujr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi. {Nagdasal ako kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka siya ay bumabati sa dakong kanan niya ng: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāhi wa-barakātuh (Ang kapayapaan ay sumainyo, ang awa Niya, at ang mga pagpapala Niya)" at sa dakong kaliwa niya ng: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāh (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa Niya)."}

[Maganda] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nagnais siya na magtapos sa pagsasagawa ng ṣalāh niya, ay bumabati sa dakong kanan niya at kaliwa niya sa pamamagitan ng paglingon ng mukha niya sa bandang kanan kasama ng pagsasabi niya ng: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāhi wa-barakātuh (Ang kapayapaan ay sumainyo, ang awa Niya, at ang mga pagpapala Niya)" at bumabati sa dakong kaliwa niya sa pamamagitan ng paglingon ng mukha niya sa bandang kaliwa kasama ng pagsasabi niya ng: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāh (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa Niya)."



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee